


めっきの安全衛生

Alamin sa Pagbasa ng Komiks
Health and Safety sa Plating



Nilikha ang audiovisual material na ito upang turuan ang tungkol sa mga basikong konsepto ng kaligtasan at kalusugan sa lahat ng mga taong nagtatrabaho sa mga kumpanyang nasa industriya ng electroplating na bahagi ng industriya ng plating.



Pag-aralan natin ngayong araw na ito ang tungkol sa health and safety sa proseso ng plating!



Kailangan nating mag-ingat tungkol sa kaligtasan dahil hindi lamang ito mano-manong trabaho ngunit trabaho ring gumagamit ng makina, 'di ba?

Tama!



'Di ba gumagamit din ng mga kemikal?


Ano kaya ang kailangan nating pag-ingatan?



Alam ba ninyo na nagkakaroon din ng mga work-related injury sa pinagtatrabahuhan tulad nito?

Ha?!

Tingnan natin ang mga pangunahing dahilan ng mga work-related injury.



Sitwasyon ng mga pagkasugat at pagkamatay dahil sa work-related injury sa industriya ng plating

1	Pagkaipit/pagkahila	20 %
2	Pagtumba	16 %
3	Paghawak sa mapanganib na bagay atbp.	14 %
4	Pagbagsak/pagkahulog	10 %
5	Pagtalsik/pagkalaglag	10 %


Sanggunian: "Sitwasyon ng mga pagkasugat at pagkamatay dahil sa work-related injury ayon sa uri ng aksidente sa bawat industriya" Ministry of Health, Labour and Welfare (2020)

*Sa industriya ng plating, may iniulat na humigit-kumulang 50 work-related injury na nagdudulot ng pagkamatay o 4 na araw o higit pang hindi pagpasok sa trabaho bawat taon.



Marami palang mga kaso ng pagkaipit/pagkahila, pagtumba, paghawak sa mapanganib na bagay atbp.







*Ang mga tuntunin na tumitiyak sa kaligtasan ay batay hindi lamang sa batas, kundi na rin sa mga leksyong natutunan mula sa maraming kaso ng pagkabigo at aksidente noong nakaraan.




Dahil mataas ang toxicity ng ilan sa mga kemikal (likidong kemikal) tulad ng sulfuric acid, hydrochloric acid atbp. na ginagamit sa proseso ng plating, mag-ingat na huwag direktang hawakan ang mga ito.



Kailangang lubos na mag-ingat lalo na kapag humahawak ng mga nakakapinsala at nakakalasang mga bagay.



Palaging may kasamang panganib, ano?



Dahil dito, importanteng siguraduhing sundin ang mga tuntunin.



Importanteng magsuot ng protective equipment upang protektahan ang iyong katawan.

Marami ang mga uri nito, ngunit kailangang piliin ang tamang uri ayon sa gagawing trabaho.




Ano ang mga bagay na kailangang pag-ingatan sa pang-araw-araw?

Alam mo ba ang 4S?


Ang ibig sabihin ng 4S ay Seiri (Sorting), Seiton (Setting in order), Seiso (Shining) at Seiketsu (Standardizing) Ito ang mga basikong konsepto ng Health and Safety.

<p>Paghiwalayin ang mga kailangan at di-kinakailangang bagay, at itapon ang mga di-kinakailangan</p> <p>Sorting</p>	<p>Isayos ang mga bagay upang agad itong makuha anumang oras kapag kailangan ito</p> <p>Setting in order</p>	<p>Linisin ang mga basura, alisin ang dumi, at maglinis nang maayos</p> <p>Shining</p>	<p>Panatilihin ang kalinisan, at walang dumi sa iyong katawan, damit, at iyong mga kagamitan</p> <p>Standardizing</p>
---	--	--	---



Ngayon naman,

Tingnan natin




ang aktwal na lugar ng trabaho!

CASE 1

Mag-ingat sa likidong kemikal



Ay!
Napunit ang
guwantes!



Nabutas
ito.

Pero kaunti lang naman
kaya OK lang siguro.



Wala namang
aberya sa trabaho
'di ba?



Oras na para
magdagdag
ng likidong
kemikal.

Opo, gagawin
ko na po.



薬剂保管室





Nasaan nga ba
ang kemikal
na iyon?
....Ayun!



OK, dalhin
ko na doon.



Aayusin ko
muna ang
protective goggles
ko.



Naku
po!




Uy, musta na ang trabaho?

Huh? May natapakan ata ako.




Ay, sorry.

Nasira ko ang protective goggles mo.



Pakihintay lang. Kukuha ako kaagad ng kapalit.



OK lang naman siguro kahit di magsuot ng protective goggles. Sisimulan ko na agad magtrabaho.



Medyo mahapdi ang daliri ko.



Naku! Natalsikan ako sa mata!



Uwaahh!!! Aray! Ang sakit!



Uy, OK ka lang?




Ipakita mo sa akin ang mata mo. Bubuhusan ko ng tubig.




OK, pupunta na tayo sa gripo para sa paghugas ng mata para hugasan iyan!



May punit ang guwantes mo. Subukan mong hubarin.



Namamaga ang balat mo dahil sa likidong kemikal!



Dalhin ka namin agad sa ospital. Sumakay ka na sa kotse!




Pasensya po at nag-aalala pa kayo dahil sa akin.



Ang protective equipment ay para protektahan ang iyong sarili.

Siguraduhing magsuot ng protective equipment habang nagtatrabaho kahit na maikling sandali lang ito.



Huwag gumamit ng protective equipment na may punit o sira. Palitan ito kaagad.



Opo, naiintindihan ko po nang mabuti.

CASE 1 Buod

1 Ingtang mabuti ang protective equipment!



Nabutas ito.

Pero kaunti lang naman kaya OK lang siguro.

Ay, sorry. Nasira ko ang protective goggles mo.



Mag-ingat sa tinatapkan kapag dadaan malapit sa manggagawa.

2 Magsuot ng protective equipment habang nagtatrabaho!



Medyo mahapdi ang daliri ko.



Uwaahh!!! Aray! Ang sakit!

Kapag magbubuhos ng likidong kemikal, itaas ang bibig ng polyethylene tank, marahan itong ibuhos, at mag-ingat sa pagtalsik mula sa tangke ng likido.

*Importanteng alamin ang toxicity ng ginagamit na kemikal. Magtanong sa manager.

TIPS Huwag ilapit ang mukha sa tangke ng solvent!


NG






- Kapag nalanghap ang singaw ng mga solvent na ginagamit para sa paglilinis, degreasing atbp, maaaring magdulot ito ng asphyxiation o acute poisoning.
- Mayroon ding mga solvent na walang kulay o amoy.
- Huwag magtrabaho nang mag-isa sa gabi, araw na walang pasok, atbp. Kapag natumba ka, matatagalan bago ka mahanap.

CASE 2


Mag-ingat sa transfer line




Naisabit na ang lahat.
Ibabalik ko na ang
lahat ng rack na wala
ng laman.



Hindi ako
makadaan dahil
may mga karton.



Ilalagay ko muna
dito pansamantala.
Mamaya ko na
lang bubuhatin.



Pwede
bang
magtanong?




Kulang ng
isang rack.

Hindi mo ba nailagay
ito sa ibang lugar?



Hindi ako makadaan
kanina dahil may mga
nakatambak na karton sa
pasilyo kaya inilagay ko
muna ito doon sa gilid.





Ah, doon
pala! Nakuha
ko na.





Huh?



Malapit nang malaglag ang hanger!
Kailangan kong magmadaling ayusin ito!



Hoy!
Ano'ng ginagawa mo?



Uwahhhh!




Uwahhhh!





OK
ka lang!?



Pasensya po at
nag-aalala pa kayo
sa akin.



Sa iba ako
nakatingin habang
sinasabit ko
ang hanger.



Siguraduhing isabit
ang hanger gamit
ang dalawang kamay
kahit na sanay ka
nang gawin ito.



Kapag nakapansin
ka ng abnormalidad sa
production line, sabihin ito
sa iyong mga kasamahan
at mag-emergency
stop.

Mapanganib
humawak sa
tumatakpong
makina.



Sorry ha. Mula ngayon,
maghihintay muna
ako ng magandang timing
bago kita kakausapin.

CASE 2 Buod

1 Sabihin kapag mayroong abnormalidad sa production line! Itigil ito!



Hoy!
Ano'ng
ginagawa mo?

Kapag nagkaroon ng abnormalidad, kasabay ng pagsasabi nito sa mga kasamahan, itigil kaagad ang aparato, at kapag hahawakan ang aparato, tiyakin na lubos na itong nakatigil. Bukod dito, kailangang mag-ingat lalo na kapag paaandarin ito muli.

*Tingnan muna ang sitwasyon bago kausapin ang taong nagtatrabaho.

2 Ibalik sa nakatakdang lugar ang mga kagamitan tulad ng rack atbp.



Ilalagay ko muna
dito pansamantala.
Mamaya ko na
lang bubuhatin.

Siguraduhing huwag mag-iwan ng mga bagay sa pasilyo. Ito ay nagiging sanhi ng pagkatapilok atbp, at may panganib itong magdulot ng aksidente ng pagkatumba.


TIPS Mga kailangang pag-ingatan sa trabaho ng grinding

Mag-ingat sa pagkahila!



Mga daliri, cuff ng work clothes,
laylayan ng apron atbp.

Siguraduhing gumamit ng protective equipment!






Protektahan ang mga mata,
bibig, ilong, kamay atbp.

*Sundin ang instruksyon ng supervisor tungkol sa kung dapat magsuot ng guwantes o hindi habang isinasagawa ang grinding.


CASE 3

Mag-ingat sa iyong paanan






Nakarinig ako ng malakas na ingay, may nangyari ba?




Uy, pakibuhat ang mga returnable box na iyan sa truck! Gumamit ka ng trolley, ha?

Sige po.




Ito na po ang lahat!

Hm? Parang kulang ng isa?



Pwede bang pakitingnan kung meron bang kulang?


Opo, titingnan ko po.



Ah, tama nga siya! Mayroong isa pa dito.



Sempai! Nakita ko po!




Dadalhin ko na po diyan!




Hoy! Tumigil ka!






OK ka lang!?




Huwag pilitin ang sarili at paisa-isa lamang magbuhat ng rack.
Gayundin, mapanganib kung hindi mag-iingat sa iyong paanan habang nagbubuhat ng kargamento. Gumamit ka ng trolley.



Mayroong dahilan kung bakit kailangang siguraduhing sundin ang mga tuntunin.



Punasan ang sahig kapag basa ito dahil madali itong makadulas, at iligpit ang mga hindi kinakailangang bagay.



Opo, palagi po namin itong isasaisip.

CASE 3 Buod

1 Mag-ingat sa basang sahig!



Madaling madulas sa sahig, kaya maglakad nang dahan-dahan. Gayundin, punasan kaagad ang sahig kapag nabasa ito.

2 Mag-ingat sa mga pallet at di-pantay na sahig!



Kapag may dalang kargamento sa kamay, may mga pagkakataong hindi makita ang paanan. Gayundin, iligpit ang mga hindi kinakailangang bagay sa pasilyo.

TIPS Mag-ingat din sa mga bagay na ito!





Claw ng nakahintong forklift



Hagdanan/ di-pantay na hakbangan




Hose/kable/lubid



Protective equipment atbp.

Gumamit ng protective equipment na akma sa paggagamitan!



Guwantes

Pinoprotektahan nito ang iyong mga kamay mula sa likidong kemikal at matatalim na bagay

Gumamit ng guwantes na gawa sa materyales na may resistensya sa kemikal, at pwedeng gamitin para sa mga kemikal na hinahawakan sa trabaho.



Protective goggles

Pinoprotektahan nito ang mga mata mula sa likidong kemikal at tumatalsik na bagay

Gumamit ng goggles na nababagay sa gagawing trabaho



Apron

Pinoprotektahan nito ang katawan mula sa likidong kemikal atbp.


Isuot ito sa mataas na posisyon hangga't maaari.




Coverall PPE

Pinoprotektahan nito ang katawan mula sa likidong kemikal atbp.

Magsuot ng PPE na akma sa iyong sukat.




Protective equipment para sa paghinga



Gas mask

Kagamitan upang hindi malanghap ang mga nakalalasang gas, singaw atbp.

- Gumamit ng gas mask na akma sa uri ng nakalalasang bagay at konsentrasyon nito.
- Tiyakin ang pagkahigpit nito (fit check).
- Palitan ang filter at canister.
- Para sa mga disposable na gas mask, sundin ang oras ng limitasyon ng paggamit nito.



Kapag nakalanghap ng mga kemikal sa loob ng mahabang panahon, may posibilidad na magkaroon ng pinsala sa katawan.

Cap

Pinoprotektahan nito ang ulo mula sa likidong kemikal, tumatalsik na bagay atbp.

Magsuot ng cap na akma sa iyong sukat. Itali ang mahabang buhok at ilagay ito sa loob ng cap.



Safety helmet

Pinoprotektahan nito ang ulo mula sa pagkatama

I-adjust ang chin strap at higpitan ito upang hindi ito maalis sa puwesto. Palitan ito kapag natamaan nang kahit isang beses lamang.



Botas

Pinoprotektahan nito ang mga paa mula sa likidong kemikal atbp.



Magsuot ng botas na akma sa iyong sukat. Magsuot ng botas na nababagay sa ginagawang trabaho.



Safety shoes

Pinoprotektahan nito ang mga paa mula sa pagbagsak ng mabibigat na bagay

Magsuot ng botas na akma sa iyong sukat. Magsuot ng botas na nababagay sa ginagawang trabaho.



Piliin ang protective equipment na naaangkop sa gagawing trabaho. Bukod dito, wala itong silbi kung hindi tama ang paggamit nito!

Punto ng countermeasure 1

Isuot ito nang tama, at gamitin ito nang tama!

Siguraduhing nakaposisyon ito nang tama at walang siwang!



Punto ng countermeasure 2

Gumamit ng protective equipment na akma sa sukat ng iyong katawan!

Kapag hindi akma ang sukat nito, hilingin na palitan ito kaagad.




Punto ng countermeasure 3


Huwag itong hayaang maging marumi o may sira!



Alisin ang dumi.



Kapag nasira ito o nabutasan, palitan ito.



Itago ito sa malinis na lugar.

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Plating

Inisyu Marso 2022

Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Plano: Mizuho Research & Technologies, Ltd.

Kooperasyon: Working Development ng Materyales para sa Health and Safety

Education Kaugnay sa Plating

Nilikha: Sideranch Inc.



Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito
Ministry of Health, Labour, and Welfare
Labour Standards Bureau
Safety and Health Department
Safety Section